CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS, INC.

All Rights Reserved, 2020

CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS, INC.

# ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA



TAUNANG ULAT HINGGIL SA KALAGAYAN
NG MGA KARAPATANG PANG-MANGGAGAWA

# ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA PANAHON NG PANDEMYA

**MGA NILALAMAN**


| | | |
|---|---|---|
| I. | PANGKALAHATANG TANAW ---------------- | 1 |
| II. | PAGGUHO NG EKONOMIYA NAKASANDIG SA UTANG -------------------- | 15 |
| III. | SISTEMATIKONG PANUNUPIL SA KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA SA GITNA NG PANDEMYA ------------------- | 26 |
| IV. | PAGTINDIG AT PAGKAKAISA SA GITNA NG KRISIS AT PANUNUPIL ------------------- | 33 |
| V. | HAMON AT PERSPEKTIBA ------------------- | 35 |
| | *SANGGUNIAN*---------------------------------- | 37 |

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 4

## I. PANGKALAHATANG TANAW

Walang kaparis ang taong 2020 sa usapin ng tindi ng epekto sa kabuhayan, kalusugan at karapatan ng mamamayan sa buong daigdig. Sunod-sunod na sakuna ang tumama sa bansa, kasabay na nga ng pagharap sa pandemya ng COVID-19. Nariyan ang pagputok ng Bulkang Taal noong Enero at matitinding bagyo gaya ng Bagyong Rolly at Ulysses. Patong-patong na suliranin din ang idinulot ng pandemyang COVID-19, lalo na sa mga Pilipinong dati nang nakakaranas ng paghihirap at iba't ibang porma ng pag-abuso.

Dati nang lugmok ang kalagayan ng sektor ng kalusugan sa bansa kaya naman mabigat ang naging tama ng pandemya sa mga mamamayan. Naging lalong matingkad ang kawalan ng access ng marami sa serbisyong pangkalusugan. Sa umpisa pa lang ng pandemya ay dumagundong na ang panawagan para sa "mass testing" bilang isang mahalagang hakbang para mapigilan ang pagkalat ng sakit na ito. Pero naging bingi ang pamahalaan dito. Tampok na usapin din ang katangian ng "quarantine" o "lockdown" na ipinatupad ng gobyerno. Imbes na pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas sa sektor ng kalusugan, tumampok ang militaristang katangian ng pagtugon sa pandemya.

Matindi rin ang epekto ng pandemya sa kabuhayan ng mga manggagawa. Pinakamatindi ito nang nagpatupad ang gobyerno ng mahigit dalawang (2) buwan na Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Kamaynilaan at iba pang malalaking probinsya at lungsod. Milyon-milyon ang nawalan ng kabuhayan at kita. Nagtiis na lamang ang mga manggagawa at kanilang mga pamilya sa kakarampot na ayudang ibinibigay ng pamahalaan. Kabi-kabila rin ang tanggalan, pagbawas sa oras ng paggawa at sahod ng mga manggagawa, kawalan ng access sa mga serbisyong panlipunan

Sa kabila ng pinakamatagal at isa sa pinakamarahas na lockdown, bigo pa rin ang gobyernong Duterte sa pag-impit man lang sa epekto ng pandemya sa mamamayan. Halos isang taon na mula nang ipatupad ang lockdown pero wala pa ring signipikanteng pagbabagong nakikita sa pagpigil ng pagkalat ng pandemya. Umabot na sa mahigit kalahating milyon (500,000) ang kaso nito sa bansa pagdating ng kalagitnaan ng Enero 2021. Ang mga namamatay naman dulot nito ay mahigit 11,000 na.

Noong Abril pa lamang ay kinilala na ang Pilipinas na pang-siyam ($9^{th}$) na pinakadelikadong bansa sa panahon ng COVID-19. Ito ay ayon sa data analysis na isinagawa ng consortium na Deep Knowledge Group. Samantala, nitong Enero 2021 lang, lumabas na pang-79 ($79^{th}$ out of 98 na bansa) ang Pilipinas sa isang pag-aaral ng think-tank na Lowy Institute sa Australia, sa usapin ng *pandemic response index*. Ang mga naging batayan nito ay ang mga sumusunod: *"confirmed cases, confirmed deaths, confirmed cases per million people, confirmed deaths per million people, confirmed cases as a proportion of tests at tests per thousand people."*

### A. KAPALPAKAN AT KAPABAYAAN SA PAGTUGON SA PANDEMYA

Sa maagang bahagi pa lang ng pandemya ay katakot-takot nang batikos ang inabot ng gobyernong Duterte dahil sa pagmamaliit nito sa banta ng pagpasok ng COVID-19 sa Pilipinas. Itinuturing na isang malaking kapabayaan ang **pagtanggi nitong maagap na magpatupad ng *travel ban* sa mga papasok ng bansa galing China**, na siyang pinagmulan at sentro ng mga kaso ng coronavirus. Kitang-kita kung paanong inuna nito ang pagpapahalaga sa relasyon sa China bago ang kaligtasan ng mga mamamayan.

Isa pang mayor na kapalpakan at kapabayaan ng pamahalaan ang **hindi pagdinig sa panawagan ng mamamayan para sa mass testing** para maagap na mapigilan ang pagkalat ng virus sa bansa. Disyembre na nang mapagtanto ito ni Duterte, *"Alam mo ang importante pala sa totoo lang and I realize now it's the testing — 'yung swabbing pati 'yung test."* Pero maging hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin nagpapatupad ng abot-kaya at sistematikong pagtetest sa mamamayan.

Marso 17, 2020, nang ipatupad ang ECQ. Isa na itong desperadong hakbang dahil sa kabiguang maagap na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa. Sa maagang bahagi ng pagpapatupad nito, nakita rin ang kawalang kahandaan ng pamahalaan para rito.

Sa mga unang linggo ng ECQ, sunod-sunod ang mga balita tungkol sa mga suliranin sa transportasyon – mga manggagawang naglalakad ng malalayong distansya, pagdagsa ng mga tao sa mga terminal pauwi sa mga probinsya, kawalan ng masasakyan ng mga health workers at marami pang iba.

Ang mismong sektor ng kalusugan ay tila napabayaan din kahit na ito dapat ang pinagbubuhusan ng pansin sa gitna ng

krisis pangkalusugan. Tampok sa buong panahon ng pandemya ang kakulangan ng suporta sa mga health workers at serbisyong pangkalusgan. Ultimong mga PPE at alcohol ay hindi maibigay nang sapat ng pamahalaan. Ang maraming ospital ay napilitan nang manawagan ng mga donasyon sa publiko at sinikap itong itaguyod sa pamamagitan ng diwa ng bayanihan ng mga Pilipino.

Umabot na nga sa mahigit 13,000 ang manggagawang pangkalusugan ang nagkasakit ng COVID-19. May isang takdang panahon pa nga noong 2020 na umabot nga halos 20% ng kabuuang bilang ng kaso ng bansa ay mga healthworkers. Noong Disyembre, umabot na sa 76 ang bilang ng mga healthworker na namatay sa COVID-19.

## B. MABAGAL NA PAMAMAHAGI NG AYUDANG HINDI SAPAT

Sanhi ng ECQ, naging paralisado ang ekonomiya ng bansa at nasadlak sa kahirapan ang mga mamamayan. Pinakamalubhang naapektuhan nito ang mga manggagawang nasa ilalim ng sistemang “no work-no pay” at mga nasa impormal na sektor. Naging tugon ng pamahalaan ang pagpamamahagi ng ayuda na siyang inasahan ng marami upang maitaguyod ang pangunahing mga pangangailangan sa loob ng ilang buwang mahigpit na lockdown.

Sa kabila ng buhos ng tulong at utang panlabas, nanatiling napakabagal at nakapaliit ng ayudang ibinigay sa naghihirap na mamamayan. Sa ilalim ng RA 11469 o “The Bayanihan to Heal as One Act”, naglunsad ng dalawang ulit na pagpapamahagi ng **Social Amelioration Program (SAP)** kung saan umutang ang gobyerno ng $200 milyon mula sa Asian Development Bank para tugunan ang kawalan ng hanapbuhay ng mga Pilipino. Nakapaglabas ng mahigit 185 bilyong pisong pinansyal na ayuda ang Department of Social Welfare and Development at idinaan sa mga Local Government Units (LGUs) ang pagpapamahagi nito sa 31.4 milyong benepisyaryo ayon sa tala ng kagawaran[5]. Sa LGUs rin ipinasa ang pagpapamahagi ng kanya-kanyang ayuda sa mga pamilyang nangangailangan tulad ng pagkain at cash assistance. Kaya naman sa kanila rin bumuhos ang mga puna at hinaing ng mamamayan. Malaking bilang ng mga residente sa mga LGU ang hindi napabilang sa mga benepisyaryo ng SAP dahil ito ay nakabatay pa sa census noong

Ang ayuda naman mula sa Department of Labor and Employment (DOLE) sa pamamagitan ng COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP) ay napakaliit na umabot lamang sa Php3.3 bilyon katumbas ng 658,886 manggagawa sa pormal na sektor. Nagkakahalaga lamang P5,000 kada tao ang ayudang ito na talaga namang kulang na kulang sa panahon ng ECQ. Maliban pa sa kumplikadong proseso nito kung saan nakadepende ito sa pag-aapply ng mga employer, inireklamo rin ng mga manggagawa ang maagang pagsasara ng programa. Ayon sa DOLE, ang kanilang programang TUPAD O Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers ay nakapagbigay ng tulong sa pamamagitan ng pansamantalang kabuhayan sa loob ng labing isang (11) araw sa 423,511 benepisyaryo na katumbas ng PHP 1.59B. Samantala, ang mga Overseas Filipino Workers (OFWs) ay nabigyan ng ayuda sa pamamagitan ng Abot Kamay Ang Pagtulong (AKAP) Program. 315,000 na OFWs ang naiulat na natulungan ng P3.5B na badyet nitong programa. Maliit ito kung ikukumpara sa pagtatayang mahigit 1.6 milyong OFWs ang naapektuhan ng pandemya.

Ipinasa naman sa Department of Finance (DOF) sa pamamagitan ng programa nitong Small Business Wage Subsidy (SBWS) ang pamimigay ng ayuda sa mga empleyado ng Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs) na mas maraming rekisitong hinihingi. Kailangan ay nakarehistro ang mga manggagawa sa SSS. Nagkakahalagang P5,000-8,000 ang ayudang ito, batay sa rehiyon. Umabot ito sa Php16.4B na sinasabing naipamahagi sa 2.1 milyong manggagawa.

Kung ikukumpara sa mga kalapitbansa ng sa SEA, para sa taong 2021, napakaliit ng inilaang badyet ng gobyernong Duterte para sa tugon sa pandemya na nasa 6.3% lamang ng GDP.

## C. KATIWALIAN AT VIP TREATMENT SA MGA SA PANAHON NG KRISIS

Nakadagdag din sa galit ng mamamayan ang ilanglumabas na kontrobersya hinggil sa iresponsableng paggamit ng pondo ng bayan. Nariyan ang Php15-B Philhealth fund scam.

Ang isa pang umani ng batikos ay ang proyektong paglalagay ng *white sand* o Dolomite sa Manila Bay na nagkakahalagang Php28M. Isang malaking insulto ito sa mamamayang nagkukumahog sa serbisyong pangkalusugan at sa sapat na ayuda. Imbes na sa dito ilaan ay winawaldas ang pondo ng bayan sa walang saysay na proyekto na bulnerable rin sa pangungurakot.

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 8

Ibayong nakadagdag din sa galit ng mamamayan ang walang pagkukubling pagbibigay prayoridad at VIP treatment sa mga alipores at kaanib ng pangulo. Sa umpisa pa lang, habang limitado pa lamang ang kakayahan ng bansa para sa COVID-19 tests, ang ilang pulitiko ay nagawa pang isapubliko sa kanilang mga social media accounts na nakapagpa-test na sila.

Hindi rin malilimutan ng lahat na habang ang mga simpleng mamamayan ay basta na lang inaaresto sa sinasabing paglabag sa quarantine protocols, ang ilang kaalyado ni Duterte ay tahasang lumabag dito at hindi naparusahan. Nariyan si **Sen. Koko Pimentel** na sa kabila ng paghihinalang siya ay may COVID-19 ay pumunta pa rin sa ospital at iba pang pampublikong lugar. At siyempre pa, ang **Mananita ni Debold Sinas**. Habang ultimong paglabas para maghanapbuhay ay ipinagbabawal para sa maliliit na mamamayan, si Sinas at ang iba pang kapulisan ay nagawang maglunsad ng party at syempre pa, walang nanagot ni isa sa mga ito. Samu't saring pagtatakip pa ang ginawa ng Malacanang.

## D. SOLUSYONG MILITAR IMBES NA MEDIKAL

Dumagundong din ang panawagan ng mamamayan para sa medikal na solusyon sa pandemya. Ito ay dahil kapansin-pansin ang militaristang paraan ng pagpapatupad ng lockdown o community quarantine. Pagsandig sa mga armadong pwersa ng bansa ang pangunahing naging pokus ng gobyerno na para bang mapupuksa ng kanilang mga armas ang nilalabanang virus.

Isang makikitang dahilan nito ay dahil ang kalakhan sa mga namumuno sa mga sangay ng gobyerno ay mga dating militar. Sila rin ang namumuno sa binuong Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID). Sa katunayan, ang tinukoy na namumuno sa COVID-19 National Task Force ay ang Department of National Defense (DND) sa ilalim ni Secretary Delfin Lorenzana.

Sa ilalim ng kamay na bakal na pagpapatupad ng lockdown, **libo-libong mamamayan ang inaresto dahil sa paglabag sa quarantine protocols**. Ayon sa datos ng PNP noong Hulyo 2020 pa lamang, umabot na ng 233,172 ang nahuli nilang lumabag dito at 72,952 sa kanilaang tinuluyang kasuhan. May panahon pa noong bandang Abril na mas malaki pa ang bilang ng mga hinuli ng PNP kaysa bilang ng na-test para sa COVID-19. Hindi pa nakuntento, nagpahayag pa si Pangulong Duterte sa pambansang telebisyon at sinasabihan ang mga pulis at militar na **"Shoot them dead"** kung tingin ng mga ito ay delikado ang kanilang buhay sa mga quarantine violators.

Labis na kapangyarihan ang ibinigay sa pulis at militar na nagdulot sa maraming kaso ng pag-abuso. Kahit ang mga mamamayan na napipilitang lumabas dahil sa kawalan ng ayuda at para maghanapbuhay ay hindi pinalagpas ng mga awtoridad.

Halimbawa nito ay ang **#SanRoque21** o ang dalawampu't isang (21) maralitang magkakapitbahay sa Sitio San Roque sa Quezon City na inaresto noong Abril 1 dahil sa diumano'y pagsasagawa ng rally sa nasabing lugar, ngunit itinanggi nila ito at naghahanap lamang sila ng ayuda dahil halos lahat sa kanilang lugar ay hindi pa nakakatanggap ng ayuda mula sa pamahalaan. Pinalaya pansamantala ang 21 sa pamamagitanng piyansa sa tulong ng mga artista, abogado at simpleng mamamayan.

Samantala sa Quezon City pa rin, inaresto at kinusahan ng City Ordinance 1364 at paglabag sa Republic Act 11332 o Mandatory Reporting of Notable Disease and Health Events of Public Health Concern Act ang **labing siyam (19) na manininda** sa kanto ng Elliptical road at Maharlika Street. Ayon kay Flora Santos-Assidao ng Sanlakas, napilitan na lumabas at magtinda ang mga vendors dahil sa takot na magutom.

Isa na marahil sa pinakamasahol na pag-abuso sa pagpapatupad ng lockdown ay ang pagkapaslang ng isang pulis sa isang lumabag umano sa community quarantine at nanlaban - si **Winston Ragos**. Si Ragos ay isang dating sundalo at beterano ng Marawi siege at sinita lamang dahil sa paglabag sa quarantine rules, ngunit napag-alamang meron siyang *mental disorder* na tinatawag na "Post Traumatic Stress Disorder" o PTSD, na kadalasang sakit ng mga sundalong galing sa labanan at nagkaroon ng "war shock". Ayon naman sa imbestigasyon ng NBI, walang baril si Ragos sa oras na siya ay pinagbabaril ng mga kapulisan

## E. PAGGAMIT SA PANDEMYA PARA SA PAGPAPATINDI NG GERA LABAN SA MGA AKTIBISTA AT KRITIKO

Ibayong tumindi ang krisis sa karapatang pantao sa panahon ng pandemya. Kitang-kita kung paano namaksimisa ng pamahalaan ang mga restriksyon sa pagkilos at ang pagpapatupad ng militaristang lockdown para palakasin ang panunupil nito sa mamamayan. Tuloy-tuloy ang pagpatay, pang-aaresto at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, sa

kabila na napakaraming naghihirap at nawalan ng trabaho. Pinalala pa ito ng mas matinding red-tagging at basta na lang pagbabansag na terorista at ng niratsadang Anti-Terrorism Law.

***Pagpapasara sa ABS-CBN***

Tuluyan nang pinasara ng Rehimeng Duterte ang pinakamalaking istasyon sa bansa, ang ABS-CBN. Mulan ang maupo sa pwesto ay panay na ang pagbabanta niya rito.

Noong Mayo 2020, napaso na ang prangkisa nito na 25 years na iginawad sa panahon ni Pangulong Fidel Ramos noong 1995, matapos itong muling mabawi sa kamay ng mga Marcos noong 1986. Kinailangan itong muling aprubahan ng kongreso, subalit bigo ang kumpanya dahil mayorya ng kongreso ay alyado ni Pangulong Duterte.

Apektado ng pagsasara nito ang halos 11,000 mga manggagawa, kabilang ang mga cameraman, writer, reporter, staff at talents na nasa ibat ibang produksyon. kasama sa mga naapektuhan nito ay ang pamilya at mga anak ng mga manggagawa na tanging sa pagtatrabaho sa istasyon lamang ang inaasahang kabuhayan.

Malaking dagok sa ekonomiya at buhay ng mamamayang Pilipino ang pagpapasara sa istasyon. Banggit ito ng ilan sa mga manggagawa at artistang lumahok sa mga protesta para mabigyan muli ito ng prangkisa. Anila, sa panahong ito ng pandemya kinakailangan ng mamamayang Pilipino ng maasahang mapagkukunan ng impormasyon para gabayan ang taumbayan laban sa COVID-19.

Suportado naman ng maliliit na media outfit at mga mamamahayag ang kampanya para sa pagbibigay muli ng prangkisa ng istasyon. Naniniwala ang mga ito na ang pagpapasara sa istasyon ay atake sa malayang pamamahayag. Ayon kay Raymond Villanueva Secretary General ng NUJP, "Hindi ligtas sa pamba-blackmail ang maliliit na mamamhayag at media, dahil kung nagawa ng gobyernong Duterte ito sa ABS-CBN ay maaari niya rin itong gawin sa atin". Ilan sa mga kasamang nangampanya rito ay ang NUJP(National Union of Journalist of the Philippines), Altermidya, KODAO Productions at CEGP(College Editors Guild of the Philipines).

***Pag-aresto sa mga nagpoprotesta***

Kabilang sa libo-libong inaresto gamit ang propagandang lumalabag ang mga ito sa quarantine protocols ang mga nagsagawa ng protesta sa iba't ibang bahagi ng bansa bilang pagkundena sa palpak na tugon sa



pandemya at sa mga polisiyang anti-mamamayan ng administrasyong Duterte.

**Pitumpu't anim (76) ang inaresto sa araw ng paggawa noong Mayo Uno**, kabilang dito ang tatlong (3) miyembro ng Liga ng Manggagawa sa Valenzuela, dalawang (2) opisyles ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino. Kasama rin sa inaresto noong Mayo Uno ay ang sampung (10) boluntir ng Cure Covid sa Marikina at labing walong (18) katao kasama ang apat (4) na volunteer ng Tulong Kabataan, na pawang nagsasagawa lamang ng relief operation at nananawagan para sa mass testing. Gayundin, inaresto ang apatnapu't dalawang (42) katao na nakilahok sa protesta sa Jaro, Iloilo at nanawagan ng hustisya sa pagpatay kay Jory Porquia.

Inaresto rin ng PNP Caloocan ang anim (6) na drayber at miyembro ng PISTON, ang tinaguriang **#PISTON6** noong Hunyo 2 sa Monumento, Caloocan City dahil diumano'y sa paglabag ng quarantine rules. Kabilang sa mga inaresto ang senior citizen na si Elmer Cordero, 72 taong gulang. Ayon kay Ruben Baylon, opisyales ng PISTON at isa sa mga hinuli, humihingi lamang sila ng tulong sa mga dumadaan habang may hawak na placard na nananawagan na makabalik na ang jeep sa



ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 12

lansangan para mamasada dahil wala nang makain ang mga driver at kanilang mga pamilya, ang iba sa kanila ay pinaalis na sa kanilang inuupahang bahay at nakatira na lamang mismo sa kanilang jeep na pinapasada. Pakunwang iimbitahan lamang daw sa presinto para kausapin ang kanilang Hepe ng pulisya, ngunit maya't-maya ay hindi na pinalabas ang anim at tinuluyan nang kasuhan ng paglabag sa social distancing rule at disobedience. Tulad ng nangyari sa San Roque 21, bumuhos ang tulong sa anim para sa kanilang piyansa at tulong na rin sa kanilang mga pamilya dahil sa kawalan pa rin nila ng kabuhayan. Nakalaya ang PISTON 6 makalipas ang isang linggong pagkakabilanggo, ngunit dalawa sa kanila ang nagpositibo sa COVID-19.

Nasundan ulit ng serye ng mga pag-aresto sa mga protesta laban sa Anti-Terrorism Law, tulad ng nangyari sa Cebu noong Hunyo 5 kung saan ay inaresto ang walong (8) aktibista na kinilala bilang **#Cebu8**, kabilang si Jaime Paglinawan ng Alyansa ng Mamumuo sa Sugbo (AMA-SUGBO), ang provincial chapter ng KMU sa Cebu. Ang pag-aresto sa **#Pride20** noong Hunyo 30, na kalakhan ay mga miyembro ng Bahaghari, ang progresibong organisasyon ng mga LGBT. Gayundin ang tinaguriang **#Cabuyao11**, kung saan apat (4) sa labing isang (11) inaresto ay mula sa sektor ng manggagawa noong Hulyo 3, isang araw matapos pirmahan ni Pangulong Duterte ang Anti-Terror Bill bilang isang ganap na batas. Pagkalaya ng #Cabuyao11, dalawa sa kanila ay nagpositibo rin sa COVID-19. Inaresto rin sa mga kilos protesta ang **20 miyembro ng BMP** sa Valenzuela City sa anibersaryo ng Martial Law noong Septyembre 21 at **5 manggagawa at organisador ng MEPZ sa Cebu** bilang bahagi ng pagkilos noong Nobyembre 30 at bahagi ng "Global Day of Action against Trade Union Repression".

***Walang Pakundangang Red-tagging***

Talaga namang walang kinikilala ang administrasyong Duterte sa walang pakundangan nitong paglalagay sa panganib sa pamamagitan ng red-tagging o ang pambabansag na rebelde sa mga aktibista at kritiko.

Maliban sa kapulisan at miitar na dati naman nang ginagamit na taktika ang red-tagging laban sa mga lehitimong organisasyon at hinaing ng iba't ibang sektor ng mamamayan, ang binuong **National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC)** noong Disyembre 2018 ay mas naghasik ng lagim sa gitna ng pandemya. Talagang dito iginugol ng rehimen ang lakas, oras at pondo imbes na unahin ang pangangailangan ng taumbayan sa panahon ng krisis.

Maging ang mga grupong nagsagawa ng *relief operations* para sa mga naapektuhan ng pandemya ay pinaparatangan pa ng kung anu-ano. Ang iba pa nga, gaya ni dating Cong. Ariel Casilao ng Anakpawis Partylist at ang mga kasama nitong boluntir ng grupong Sagip Kanayunan ay kabilang sa mga inaresto at kinasuhan dahil umano sa paglabag sa quarantine protocols.

Kahit ang mga artista at personalidad na aktibong nagpapahayag ng kanilang saloobin sa mahahalagang isyu ng bayan ay hindi pinalagpas sa panrered-tag. Kabilang dito sina **Angel Locsin, Liza Soberano at Catriona Grey.**

Pangunahing naging target ng red-tagging at iba pang porma ng harassment ng gobyerno ay ang iba't ibang progresibong organisasyon, unyon at mga indibidwal. Isa na marahil sa **pinakamatinding atake ang sa mga mambabatas ng Makabayan bloc na binubuo ng Gabriela Women's Party, Bayan Muna Partylist, ACT Teachers Party at Kabataan Partylist sa Kongreso**. Iba-ibang porma ng black propaganda ang ginagamit sa kanila, mapa-online man, paglalabas ng gawa-gawang mga isyu, pagkakabit ng mga tarpaulin at iba pa.

Ang mga manggagawa at unyonista ay hindi rin naging ligtas sa red-tagging. Sa ilang pagkakataon, nagsasabwatan pa ang mga employer at mga military at/o pulis sa pagsasagawa nito para pumangit ang imahe ng mga unyon.

Marami sa mga naging biktima ng pamamaslang ay nakaranas din ng red-tagging at pagbabanta sa kanilang buhay.

***Pamamaslang***

Lantaran ang mga naging pag atake ng administrasyong Duterte sa mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao. Hindi lang ito nagkasya sa red-tagging, paniniktik at harassment at pag-aresto, pinaigting din nito ang pamamaslang sa hanay ng mga lehitimog organisasyong itinuturing niyang kaaway ng estado.

Tampok sa mga pinaslang na mga aktibista sa taong 2020 ay sina **Jory Porquia ng Bayan Muna-Panay**, **Zara Alvarez ng Karapatan-Negros** at **Randall Echanis na Tagapangulo ng Anakpawis Partylist at isang NDFP Consultant.**

Si Porquia ay pataksil na pinaslang ng mga di kilalang indibidwal sa kanyang tahanan sa Sto. Niño Norte, Arevalo, Iloilo City. Si Zara naman ay brutal na pinagbabaril sa gitna ng kalsada habang siya ay pauwi sa kanilang tahanan. At si Randall Echanis ay natagpuan na lamang patay sa inuupahang

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA


bahay sa Novaliches, Quezon City. Kasama rin sa mga biktima ng extrajudicial killings ang mag-asawang Agaton Topacio at Eugenia Magpantay na pawang may kinakaharap na karamdaman at nagpapahinga lamang sa Rizal. Sa hanay ng mga manggagawa at tagapagtaguyod ng karapatang pang-manggagawa, dalawa (2) ang naging biktima ng marahas na pamamaslang – sina Carlito Badion ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) at si Jose Jerry Catalogo ng National Federation of Sugar Workers (NFSW).

Talaga namang walang puso ang mga pwersa ng estadong nagsasagawa ng mga pamamaslang. Sa gitna ng pandemya, dalawang (2) massacre pa ang naganap sa huling buwan ng taon. **Siyam (9) na katutubong kabilang ng tribong Tumandok ang walang habas na pinaslang** sa mga serye ng raid at paghahain ng *search warrant* na isinagawa ng Philippine National Police (PNP) – Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at Police Regional Office-Western Visayas (PRO-6) sa iba't ibang bahagi ng Panay Island. Maliban sa 9 na napaslang, labimpito (17) pa ang inaresto. Giit ng grupong Karapatan, ang mga pinaslang ay mga lider ng komunidad at mga miyembro ng Panay Tumandok Community. Bago ang insidente ay biktima rin ang mga ito ng red-tagging at pambibintang ng mga elemento ng military na sila ay mga miyembro ng New Peoples Army (NPA).

Samantala, **limang (5) manggagawang bukid sa Baras, Rizal ang minasaker** ng mga elemento ng pulis at militar sa diumano'y shootout laban sa mga miyembro ng NPA. Pero giit ng mga kaanak at ng grupong Karapatan-Southern Tagalog, sibilyan ang mga ito at simpleng manggagawang bukid sa manggahan sa Baras.

Sa lahat ng kaso ng pampulitikang pamamaslang, dalawang padron ang maoobserbahan. Ang una ay ang pataksil na pamamaslang ng mga naka-motor at ang isa ay tahasang paggamit ng mga armadong pwersa ng estado at palalabasing lehitimong operasyon ang mga ito laban sa mga rebelde.




Sa pangkabuuan, **353 na ang biktima ng extra-judicial killings** sa iba't-ibang sektor ayon sa datos ng KARAPATAN. Hindi pa kasama rito ang libo-libong drug-related killings.

***<u>Ligalisasyon ng panunupil sa pamamagitan ng Terror Law</u>***

Habang abala ang mamamayan sa paghahanap ng kabuhayan, pangangailangan sa araw araw bunga ng militaristang lockdown na nagpatigil sa takbo ng ekonomiya. Ang rehimeng Duterte ay parang magnanakaw sa gabi na inilusot ang Anti-Terrorism Act of 2020 o Republic Act 11479 sa Kongreso at Senado at pormal nang pinirmahan bilang batas noong Hulyo.

Umani ng katakot-takot na pagtutol at batikos ang batas na ito dahil malinaw na gagamitin ito bilang isang instrumento ng panunupil sa mga kritiko at mga progresibong organisasyon na nagsusulong ng makabuluhang pagbabago sa lipunan. Pinangangambahang magreresulta ito sa mga matitinding paglabag sa mga karapatang pantao at gagamitin upang takutin at patahimikin ang anumang pag di pagsang-ayon ng taumbayan sa mga polisiya ng gobyerno.

Mayor na kinikwestyon ng taumbayan dito ang masaklaw na pagpapakahulugan ng batas sa "terorismo" na maaring maging daan ito para sikilin ang malayang pagpapahayag at pagtitipon; ang pagpapahintulot nito sa paniniktik, paghalughog sa iyong tinitirahan, pag-aresto, pagkulong at sa batayan lamang ng hinala. Tuwirang salungat ang batas na ito sa Saligang Batas na nagbibigay garantiya sa mga batayang karapatan ng mamamayan: karapatan sa malayang pamamahayag, pagsali sa asosasyon/organisasyon. Maging ang proseso ng batas ay kanya ring sasagasaan, maaring akusahan at arestuhin ang kahit sino kahit walang matibay na ebidensya, dahil ang magtatakda lang ng kung sino ang terorista ay ang binuong Anti-Terrorism Council (ATC). Ito ang mga dahilan para kwestiyunin ito ng maraming grupo ng mga *civil society organizations (CSOs)*, taong simbahan, abogado, guro, *social media* influencers, manggagawa, magsasaka, katutubo, kabataan at iba pang sektor sa pamamagitan ng **37 petisyon sa Korte Suprema**.

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 15

Simula nang naipasa ang batas na Anti-Terror Law, naging sunod sunod na rin ang red-tagging at pag-aakusa ng mga militar, pulis, NTF-ELCAC at iba pang ahensya ng gobyerno sa mga kritiko. Naglabas pa ito ng mga listahan ng mga grupong inaakusahan nitong Communist-Terrorist Group (CTG) fronts o affiliates.

## II. TULUYANG PAGGUHO NG EKONOMIYANG NAKASANDIG SA UTANG PANLABAS

Matinding krisis sa ekonomiya ang kinakaharap ng mamamayang Pilipino kasabay pa rin ng banta ng pandemyang COVID-19. Manipestasyon ito ng hindi epektibong tugon sa pandemya at ng matagal nang hindi istableng pundasyon ng ating ekonomiyang nakasandig sa utang panlabas.

Sadyang naging matindi ang epekto ng pandemya sa ekonomiya ng bansa lalo pa at naghihingalo na ito sa epekto ng mga dagdag pahirap na polisiyang ipinatupad ng administrasyong Duterte gaya ng **Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law** na bahagi ng Comprehensive Tax Reform Program (CTRP) at **Rice Tarrification Law**. Samantala, ang pangunahing ipinagmamalaking programang **Build, Build, Build (BBB)** ay napatunayang hindi tunay na nakapag-angat sa kalagayan ng manggagawa't mamamayan at ampaw lamang na pag-unlad o pagdami ng trabaho ang nalikha.

Naitala sa pagtatapos ng taong 2020 ang -**9.5% na tantos ng GDP (Gross Domestic Product)** o ang batayang tantos ng nalilikhang kita ng bansa. Mayroon ding ***budget deficit* na Php1.37 trilyon** ang bansa sa nagdaang taon. Sumirit din ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa unang buwan ng taong 2021 na pumalo sa **4.5% inflation rate** na naging malaking dagok sa ordinaryong mamamayan.

Inaasahang magiging mabagal ang pagbangon ng ekonomiya ng bansa dahil sa tinatahak na kawalan ng istretehiko at maka-mamamayang programa at polisiya ng gobyerno. Sa ngayon, BBB pa rin ang inaasahan nitong magsasalba sa ekonomiya, wala pa ring sapat na ayuda para sa mga nawawalan ng trabaho at wala pa ring plano para bigyan ng umento sa sahod ang mga manggagawa.

Noong Setyembre, ayon sa tantya ng World Bank, magiging mas mabagal ang pagbangon ng ekonomiya ng Pilipinas, kumpara sa mga karatig bansa nito sa East Asia and the Pacific dahil sa hindi pa rin pagkontrol sa pagkalat ng COVID-19 sa bansa.

Samantala, ginagamit ding dahilan ng administrasyong Duterte ang kasalukuyan krisis para bigyang katwiran ang pagtutulak nito ng **Charter Change o ChaCha**. Pangunahing layunin nito ang bigyang luwag ang saligang batas para pahintulutanang isang daang porsyentong

pagmamay ari ng mga dayuhan sa mga imprastraktura, negosyo at iba pang rekurso sa bansa. Pinapalunok ito sa mamamayan sa paggamit ng propaganda na kailangan ito ng ekonomiya ng bansa para makarekober. Pero ang totoo, lalo lamang nitong isasadlak sa pagsasamantala ang ating mamamayan sa pagsuko nito sa mga rekurso ng bansa para sa kapakinabangan ng mga dayuhan.

## A. TULUYANG PAGKALUBOG SA UTANG PANLABAS

Gaya na rin ng mga naunang administrasyon, isa sa pangunahing naging sandigan ni Duterte sa pagtataguyod ng mga programa nito ay ang pangungutang sa mga dayuhan.

Umabot na sa **Php10.1 trilyon** ang utang panlabas ng Pilipinas noong 2020, halos doble na ito ng Php5.9 trilyon mula noong umupo si Duterte. Php3 trilyon dito ang kabuuang inutang noong 2020.

Ginamit ng gobyernong dahilan ang pagtugon sa pandemya para sa walang humpay nitong pangungutang. Nasa mahigit $13.4B na ang inuutang ng pamahalaan mula sa World Bank at Asian Development Bank pero napakaliit na porsyentong **2.5% lamang nito ang talagang nakalaan sa pagtugon sa pandemya.**

Ang kalakhan ng mga inuutang ay nakalaan sa mga proyektong pang-imprastraktura at pambayad lang din ng utang o interes sa mga datin nang inutang.

Para sa taong 2021, **Php560.2 bilyon** ang awtomatikong nakalaan pambayad utang ng bansa. Tinataya ng IBON Foundation na ang bawat Pilipino ay may utang na **Php92,190**. Tiyak na lalaki pa ito sa mga nalalabing taon ni Duterte sa pwesto.

## B. PINAKAMATINDING KRISIS SA EMPLEYO

Humarap ang Pilipinas sa pinakamtinding krisis sa empleyo bunsod ng pandemya at ng palpak na tugon ng pamahalaan dito. Pinakamatindi ang kawalan ng kabuhayan sa loob ng ipinatupad na mahigit dalawang (2) buwang ECQ sa Luzon at iba pang probinsya. Ayon sa PSA, umabot sa **17.6% ang unemployment rate noong Abril 2020**, katumbas ng **7.3 milyong Pilipinong walang trabaho**. Ito na ang pinakamataas na unemployment rate sa bansa mula pa noong 2005. Nagtala rin ng pinakamababang Labor Force Participation rate sa kasaysayan o antas ng



**Table A-1. Results from the October 2020 Labor Force Survey (LFS)**

| Philippines | October 2020^P | July 2020^P | April 2020^F | October 2019^r |
|---|---|---|---|---|
| Population 15 years old and over (in 000) | 74,307 | 74,061 | 73,722 | 72,603 |
| Labor Force Participation Rate (%) | 58.7 | 61.9 | 55.7 | 61.4 |
| Employment Rate (%) | 91.3 | 90.0 | 82.4 | 95.4 |
| Underemployment Rate (%) | 14.4 | 17.3 | 18.9 | 12.8 |
| Unemployment Rate (%) | 8.7 | 10.0 | 17.6 | 4.6 |
| | | | | |

Notes:
P Estimates are preliminary and may change
r Revised estimates based on 2015 POPCEN-Based Population Projection
F - Final
Source: Philippine Statistics Authority, Labor Force Survey

mga manggagawa na sumasabak sa trabaho na nasa 55.6% lamang.[1]

Sa kaparehong buwan noong 2019, nasa 5.1% lamang ang unemployment rate. Ang employment rate noong Abril 2019 ay nasa 94.9% at dumausdos ito sa 82.3% noong Abril 2020.

Sa huling tala noong Oktubre 2020, nasa **8.7% ang unemployment rate** o katumbas ng 3.8 milyong Pilipino ang walang trabaho. [2,3] Ngunit ayon sa IBON Foundation, mayroon pang dagdag na dalawang (2) milyong Pilipino ang *invisibly unemployed* o iyong mga tumigil na sa paghahanap ng trabaho dahil sa mga di paborableng kondisyon.

Ayon naman sa datos ng DOLE (Department of Labor and Employment) nasa 4.5 na milyon ang mga *displaced* workers dahil sa pandemya, ito ay yaong mga pansamantalang nawalan ng trabaho at permanenteng natanggal na.

Batay sa Labor Force Survey noong Oktubre, **mayroong 387,000 na "*employed but not at work.*"** Kabilang dito ang mga nasa ilalim ng ***floating status***, kung saan walang kasiguruhan kung makakabalik pa sila sa trabaho. Pinalala pa ito nang pagbibigay ng DOLE ng pahintulot na umabot hanggang isang taon ang floating status ng mga manggagawa.

Pinakamatindi ang tama ng pandemya sa kabuhayan sa sektor ng transportasyon, construction, serbisyo (hotel, malls at fast food), manufacturing at sa mga nasa impormal na sektor. Matindi rin ang naging epekto ng krisis sa mga kontraktwal na manggagawa. Sila karaniwan ang mga unang tinanggal sa trabaho dahil na nga rin sa kawalan ng seguridad at proteksyon.

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 19

## C. MALAWAKANG TANGGALAN


Hindi sana lalala ang tanggalan kung sa umpisa lamang ay agad na tumugon ng pamahalaan na sugpuin ang COVID-19. Matatandaan na hinayaang bukas ang Pilipinas sa mga banyagang galing China sa kabila na napaulat ng pagdami ng tinamaan ng misteryosong sakit sa huling buwan ng 2019. Hindi rin nagsagawa ng mass testing para mapigilan ang pagkalat ng virus, dahilan para tayo ang makaranas ng pinakamahabang lockdown sa buong mundo, na hanggang kasalukuyan ay nararanasan natin.

Ayon sa Job Displacement Monitoring Report ng DOLE noong Oktubre 25, umabot sa 285,650 empleyado ang permanenteng nawalan ng trabaho sa 17,300 establisymento na nagbawas ng manggagawa o tuluyan nang nagsara. Pinakamalaki rito ay sa NCR na umabot sa 152,951 na manggagawa ang nawalan ng trabaho sa 7,761 na kumpanya; sumunod ang CALABARZON (44,639 manggagawa); Central Luzon (27,808 manggagawa); at Central Visayas (26,595 manggagawa)

Samantalang 36,851 na establisyemento na may 1,484,285 na manggagawa ang nasa ilalim ng Flexible Working Arrangement (FWA) at 86,954 na establisyemento na may 2,094,036 na manggagawa naman ang pansamantalang nakasara.

Ilan sa mga kumpanyang nag-anunsyo ng malawakang tanggalan ng mga empleyado dahil sa epekto ng pandemya ay ang Philippine Airlines (2,300 empleyado), Sports City (5,000), Cebu Pacific (800), Robina Farms (200), Air Asia (2,200), 1Aviation Groundhandling Services Corp. (400), Okada Casino Resort Hotel (1,000), Grab (360), Aboitiz Group at Dole-Fil (478).

Ayon sa tantya ng International Air Transport Association (IATA), nanganganib ang trabaho ng 570,000 indibidwal sa sektor ng *aviation* sa Pilipinas. Samantala, ayon sa tantya ng ILO, aabot ng 600,000 ang mawawalan ng trabaho dahil sa pandemya.




## D. MAKUPAD AT BARAT NA SAHOD PARA SA MGA MANGGAGAWA

Sa matagal nang panahon na patung-patong ang krisis na hinaharap ng uring manggagawa dulot ng dekadang pagpapairal ng pandaigdigang sistemang kapitalismo at ang epekto ng neoliberal na globalisasyon, ang mga manggagawang Pilipino ay hindi kailanman nakaranas ng ginhawa mula sa minimum na sahod na kanilang natatanggap. Mas lalong napalala ang ahitasyon ng mga manggagawa sa kasalukuyang panahon ng pandemya at sunud-sunod na sakunang naranasan sa nakaraang taon. Nasa negatibong growth rate na -9.5% ang ekonomiya ng bansa sa huling tala noong 2020. Sa huling taon rin, linggu-linggo ang pagtaas ng presyo ng langis na siyang sanhi ng malaking paggalaw sa presyo ng mga pangunahing bilihin. Sa kabilang dako, ang mga

| Administration | Number of wage hikes | Nominal (Php) | | | Real (Php; Aquino, C.-Ramos 2000=100, Estrada-Duterte 2012=100) | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Starting | Ending/ To date | % increase | Starting | Ending/To date | % increase |
| Aquino, C. | 6 | 37 | 118 | 219 | 135.53 | 209.22 | 54 |
| Ramos | 7 | 118 | 198 | 68 | 209.22 | 214.98 | 2.8 |
| Estrada | 2 | 198 | 250 | 26 | 368.83 | 399.23 | 8.2 |
| Arroyo | 7 | 250 | 382 | 53 | 399.23 | 410.02 | 2.7 |
| Aquino III, B. | 6 | 382 | 491 | 29 | 410.02 | 468.06 | 14 |
| Duterte | 2 | 491 | 537 | 9.4 | 468.06 | 434.47 | (7.2) |

**Source:** IBON computations on inflation data from the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) and wage data from the National Wage and Productivity Commission (NWPC)

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 21

kapitalista ay nabibigyan ng eksempsyon sa buwis bilang insentiba para sa mga malalaking negosyo sa kabila ng lumalalang krisis pang-ekonomiya habang ang mga manggagawa ay nahihirapan sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin bunsod ng Value Added Tax (o VAT).

Sa ilalim ni Pangulong Duterte, halos walang pansin ang ibinigay sa panawagang taas-sahod ng mga manggagawa. Ipinapakita mula sa datos ng IBON Foundation na nasa kakarampot na 7.2% lamang ang age increase na ipinatupad ng kasalukuyang administrasyon. Naging kontrobersyal ang pagpasa ng TRAIN Law noong taong 2018 na nagpatupad ng kontra-mahirap na pagpataw ng mas mataas na VAT para sa mga pangunahing bilihin. Naglabas ng petisyon ang mga manggagawa para ibasura ito subalit, kasalukuyan pang hindi kinikilala ng korte ang petisyon habang nakabinbin ng labindalawang buwan para sa susunod na petisyon. Dagdag dito, noong 2020 nagpataw ang National Wages and Productivity Commission (NWPC) ng 'indefinite deferment' o ang pansamantalang hindi pagbayad ng buwis ng mga mamamayan sanhi na ng pandemya.

Mas lubha pang naapektuhan ang mga manggagawa sa panahon ng pandemya lalo na ang mga kumikita ng arawan. Ang kasalukuyang inflation rate ng bansa ay pumapalo sa 4.2% kung kaya't mula sa P537 na minimum wage ng mga manggagawa sa NCR, nasa P429.60 lang aktwal o 'real' wage dahil dito o katumbas ang P111 na pagkawala sa halaga ng sahod. Hindi nalalayo sa ganitong kabawasan sa halaga ng lakas-paggawa ang nararanasan ng ibang rehiyon na mas lalong mababa pa ang minimum wage kaysa NCR.

## E. MAS LUBHANG EPEKTO PARA SA MGA KABABAIHANG MANGGAGAWA

Ang epekto ng COVID-19 sa mga manggagawa ay mas napapaigting para sa mga kababaihan. Nasa 10.9 milyong manggagawa ang nasa kabuuang naapektuhan ang kabuhayan at trabaho dulot ng pandemya at nasa 38% nito ay mga babaeng manggagawa ayon sa tala ng International Labor Organization (ILO) para sa taong 2020. Ayon rin sa ILO, ang medium at high-risk jobs o ang mga trabahong mas may direktang may exposure o humaharap sa mga may kaso ng COVID-19 tulad ng health frontliners, sanitation workers, delivery personnel, mga manggagawa sa pabrika, construction, call center, retail at vendors ang nakaranas ng mas malaking epekto mula sa job disruptions. Ang mga job disruptions na ito ay sa porma ng pagbawas ng sahod, malawakang tanggalan at kabuuang kawalan ng hanapbuhay sanhi na ng striktong pagpapatupad ng health protocols at malaking pagbaba ng demand para sa mga produkto at serbisyo(ILO, 2020)

Para sa mga kababaihang manggagawa, mas dama ang epekto ng kawalan ng trabaho dulot ng pandemya dahil sa mga karagdagang pagsasamantala na kaakibat para sa kanila. Kasama sa mga nararanasan ng kababaihan ay ang gender-based violence, mas barat na sahod at kawalan ng suporta para sa mga pangagailangang reproductive at mental health. Nasa 4.1 milyong kababaihang manggagawa ang kabuuang naapektuhan ng job disruptions at siyang mas nanganganib na maranasan ang mga lubhang epekto nito.

Dagdag sa pinapasan ng mga kababaihang manggagawa ay ang responsibilidad para sa pamilya at mga anak. Naging pahirap para sa mga magulang ang pagpapaaral ng mga anak sanhi ng ipinatupad na distance learning ng Department of Education. Ayon sa ulat ng DepED, nasa 7 milyong estudyante sa elementarya at sekondarya ang nag-enroll sa modular learning hang 2 milyon sa online. Sa magkaparehong porma na online at modular learning nahihirapan sa kakulangan ng suporta ang mga magulang. Ilan sa mga problemang kinakaharap ay ang kawalan ng internet connection at laptops para sa online learning, karagdagang gastos para sa mga materyales at requirements ng mga anak at ang karagdagang responsibilidad para sa mga magulang na maging guro para sa kanilang mga anak. Para sa mga kababaihang manggagawa na nagsisilb ring mga nanay, pahirap ang distant learning sa panahon ng pandemya.

Sa kabuuan, maliit man ang bilang at porsyento ng mga kababaihan sa labor force, mas dama nila ang epekto ng kawalan ng trabaho na dulot ng pandemya dahil sa aktwal na doble o tripleng pagsasamantala na nararanasan na nila bilang mga babae, nanay at manggagawa.

## F. TULOY-TULOY NA PAGTAAS NG PRESYO NG PANGUNAHING MGA BILIHIN AT DAGDAG BAYARIN

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA


Habang patuloy ang pagtindi ng kawalang kabuhayan at hindi pa man nakakarekober sa matinding epekto ng TRAIN Law, hinambalos din ang mamamayan ng matinding pagtaas ng presyo ng mga bilihin lalo na ang karneng baboy, gulay at isda. Bunsod ito ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis na pinalala ng mga dagdag buwis na ipinatupad sa ilalim ng administrasyon. Pinatindi rin ito ng kawalang aksyon ng pamahalaan upang kontrolin ang presyo ng pangunahing bilihin para man lamang maibsan ang pasanin ng mga mamamayan.

Para bang talagang sinasadyang dagdagan pa ang pasakit sa manggagawa't mamamayan, nagpatupad pa ng **pagtaas ng kontribusyon sa SSS** sa gitna ng krisis. May **nakaamba ring pagtaas ng kontribusyon sa Philhealth.**

Hindi rin manlang ito nagpatupad ng moratorium sa paniningil ng mga utilidad kahit sa panahon ng ECQ. Hindi rin naman ito nagbigay ng subsidyo para makapagbigay luwag sa mga mamamayang pinakanaapektuhan ng pandemya.

Malaki rin ang nadagdag sa pang-araw-araw na gastusin ng mga manggagawa dahil sa halos **pagdoble ng singil sa pampublikong transportasyon.** Pasan din ng mga manggagawa ang **dagdag gastusin sa pagbili ng facemask, face shield, alcohol at iba pang pangangailangan** para sa proteksyon laban sa COVID-19. Madalang na may mga employer na nagbibigay ng libreng facemask o alcohol manlang sa mga empleyado nito. At dahil na rin sa kawalan ng mass testing at kakulangan sa serbisyong pangkalusugan, pinasan din ng maraming manggagawa't mamamayan ang malaking gastusin para sa COVID-19 testing at pagpapagamot ng mga natamaan ng virus.

## G. PAGSALBA SA NEGOSYO IMBES NA SA MGA MANGGAGAWA

### *Mga Polisiya ng DOLE Nagpatindi ng Epekto ng Pandemya sa Kabuhayan ng Mamamayan*

Bigo na nga sa pagsalba sa kabuhayan at pagbibigay ng ayuda, dinagdagan pa ng pamahalaan ang pasanin ng mga manggagawa't mamamayan dahil sa pagpapatupad nito ng mga polisiyang kontra-manggagawa at paborable lamang sa mga negosyante.

Ang Department of Labor and Employment (DOLE) na inaasahan sanang maging sandigan ng mga manggagawa para protektahan ang kanilang kabuhayan, kalusugan at karapatan lalo na sa panahon ng krisis, ay siya pa mismong naglabas ng mga polisiya na nagpapatindi sa paghihirap nila.

- **Labor Advisory 17**

  Tampok sa LA 17 ang pagpapahintulot sa boluntaryong pagpayag ng mga manggagawa at employer sa "*adjustment*" ng sahod at iba pang benepisyo.

  Pinalawig din ng LA 17 ang pagpapatupad ng *alternative and flexible work schemes* na nagresulta sa pagbabawas ng oras sa paggawa na katumbas din ng pagliit ng kita ng mga manggagawa.

- **Department Order 213 – *Prescribing Guidelines in the Prescription of Actions and the Suspension of Reglementary Periods to File Pleadings, Motions and Other Documents***

  Sa ilalim ng DO na ito, sinuspinde ang labor proceedings kabilang ang health and safety inspections ng DOLE. Nabinbin din ang pagpapatupad sa mga paborableng desisyon sa mga labor dispute dahil dito.

  Kitang-kita sa pagpapatupad ng order na ito ang kawalang pakialam ng DOLE sa kalagayan ng mga manggagawa. Sa gitna ng pandemya kung saan mas kailangang bantayan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa, binigyang luwag pa ng DOLE ang mga negosyo.

  Dahil sa puspusang pagtuligsa ng mga manggagawa rito, napilitan ang DOLE na amyendahan ito sa pamamagitan ng DO 214 na nagbalik sa mga mekanismo para sa mga pagresolba ng mga labor dispute.

- ***Department Order 215 – "Rule Amending Section 12 Rule 1, Rules Implementing Book VI of the Labor Code on Suspension of the Employment Relationship"***

  Pinahihintulutan ng DO na ito ang pagpapalawig sa 'floating status' ng mga manggagawa nang higit pa sa anim (6) na buwan. Labag ito sa Article 301 ng Labor Code kung saan nakasaad na ang maksimum na tagal lamang dapat na nasa 'floating status' o 'forced leave' ang mga

manggagawa ay hindi dapat lalagpas sa anim (6) na buwan.

- **DTI and DOLE Interim Guidelines on Workplace Prevention and Control of COVID-19**

  Halos apat (4) na buwan mula noong nagkaroon ng unang kaso ng COVID-19 noong Enero sa Pilipinas, doon pa lamang naglabas ang DTI at DOLE ng guidelines para sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 sa mga lugar paggawa.

  Maliban sa pagiging mabagal ng tugon na ito, wala itong ngipin at hindi nito inoobliga ang mga kumpanya.

- **Deferment and Exemption of Payment of Holiday Pay o Pagpapaliban sa Pagbabayad ng Holiday Pay**

  Isa pang nakitang paraan ng DOLE para maibsan ang epekto ng pandemya sa mga negosyo ay ang paglalabas ng advisory na nagbibigay pahintulot sa mga ito na ipagpaliban ang pagbabayad ng Holiday Pay. Tinangka pa nga nitong pahintulutan ang mga ito na huwag magbayad ng 13th month pay ng mga manggagawa pero nabigo ito dahil agad din itong tinutulan ng mga manggagawa.

***Pagpapatupad Ng Jeepney Phaseout Sa Gitna Ng Pandemya***

Isa ang mga drayber sa pinakamalubhang naapektuhan ng pandemya. Tigil-pasada ang lahat ng pampublikong transportasyon sa ilalim ng ECQ. Tinatayang nasa 400,000 ang apektadong drayber sa bansa.

Sa pagluwag naman ng quarantine ay nasa huli ng listahan ng mga papahintulutang moda ng transportasyon ang mga jeep. Kabi-kabila ang mga napapabalitang namamalimos na mga drayber, mga pamilyang walang makain at nakatira na lamang sa jeep at iba pang diskarte para mabuhay. Kahit pa boluntaryo nang nagpatupad ng safety protocols ang mga tsuper (paglalagay ng mga divider at paglilimita sa bilang ng pasahero) at sa kabila ng mga pahayag ng mga eksperto na mas ligtas pa nga ang mga jeep bilang porma ng pampublikong transportasyon sa usapin ng pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19, nilimitahan pa rin ang mga ito at usad-pagong ang pagpapabalik sa kanila sa mga ruta. Kung hindi pa dahil sa pag-iingay ng tsuper, hindi pa rin siguro pababalikin sa operasyon ang mga ito.

Pero patuloy pa rin ang panawagan para sa panunumbalik ng 100% operasyon ng mga jeep. Ayon sa datos ng PISTON noong Disyembre, umaabot pa lamang sa 66% na ruta ng mga jeep ang binuksan ng LTFRB. Katumbas ito ng 35,022 yunit ng jeep na nakakabalik sa kalsada. Ang natitirang 34% ng mga ruta ay hindi pa rin pinapabalik sa operasyon. Katumbas ito ng halos 52,000 na yunit ng jeep at 104,000 na drayber na patuloy pa ring naghihikahos dahil sa kawalan ng kabuhayan.

Ang sinasabing dahilan dito ng gobyerno ay ang pag-iwas sa pagkalat ng COVID. Pero ayon sa grupong PISTON, sinasamantala ng rehimen ang krisis para isakatuparan ang jeepney phaseout at buong-buong ipatupad ang matagal na nitong planong modernisasyon. Sa katunayan, sa Memorandum Circular 2020-017 ng LTFRB, naglabas ng gawa-gawang hirarkiya ng mga pampublikong transportasyon kung saan nasa unahan ang modernized jeeps na pagmamay-ari ng mga dayuhan at malalaking negosyo.

Noong Oktubre, nagpahayag na ang Chairman ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na si Martin Delgra na ang prangkisa ng mga lumang jeep ay mapapaso na pagdating ng bagong taon.

Mula pa noong 2017, seryoso na ang gobyerno sa plano nitong i-phase out ang mga lumang jeep (15 taon pataas) sa ilalim ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP). Mariing nilabanan ito ng mga tsuper, opereytor at mga taga-suporta dahil sa pahirap na idudulot nito sa kanila.

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 27

## III. SISTEMATIKONG PANUNUPIL SA KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA SA GITNA NG PANDEMYA

Ang pasanin ng manggagawa't mamamayan sa gitna ng kabi-kabilang krisis na kinakaharap sa panahon ng pandemya ay ibayo pang pinatindi ng panunupil ng pamahalaan. Minaksimisa nito ang pandemya at mga ipinatupad na restriksyon para sugpuin ang mga aktibista at kritiko. Tagos na tagos sa hanay ng mga manggagawa ang panunupil at mga atake ng estado sa mga demokratikong karapatan.

Sa panahon ng pandemya, tumindi ang dati nang nararanasang panggigipit ng mga unyonista at manggagawa. Mas matinding union busting, red-tagging, harassment, intimidasyon, pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso at pamamaslang. Sa panahong mas kailangang tumindig ng mga manggagawa para sa kanilang mga karapatan, isinasadlak lalo sila sa pader at binubusalan upang manahimik na lang at tiisin ang kanilang busabos na kalagayan. Pero hindi nagpapatinag ang mga manggagawa at nagpupunyagi pa rin sa paglaban.

<u>Paggamit sa Pandemya para Buwagin ang mga Unyon</u>

Dahil laganap ang tanggalan, ginamit din itong sangkalan ng ilang kumpanya para buwagin o pahinain ang unyon sa pamamagitan ng pagbabawas ng empleyado ng mga kumpanya o di kaya ay ang pagsasara.

Tulad na lamang sa kaso ng **Dolefil sa Polomolok, South Cotabato**, kung saan 478 na manggagawa sa plantasyon ang bigla na lang tinanggal noong Septembre 18, habang nalalapit ang eleksyon ng unyon. Pinangangambahan ng manedsment na mapalitan ng tunay at palabang unyon ang kasalukuyang unyon kaya nagtanggal ito ng mga manggagawa.

Sa Cebu naman, tinanggal ang 16 na opisyales at miyembro ng unyon sa **Visayan Electric Company (VECO)** dahil sa umano'y "economic difficulties" pero pinabulaan ito ng unyon at ng kanilang pederasyon na National Federation of Labor Union-KMU (NAFLU-KMU).

Ganito rin ang kaso ng tanggalan sa **First Glory Apparel sa Mactan Export Processing Zone (MEPZ) sa Cebu** kung saan 300 manggagawa ang tinanggal dahil umano'y nalulugi ang kumpanya dahil sa pandemya. Pinabulaanan ito ng Pangulo ng unyon na si Cristito Pangan, aniya gusto lamang mabuwag ng kumpanya ang unyon dahil sa nalalapit nitong certification of election.

Sa Cebu pa rin, ang pinakamalaking employer ng MEPZ, ang Sports City Incorporated na may 14,000 na empleyado ay nagpetisyon para pigilan ang nalalapit na certification of election sa DOLE. May limang kumpanya sa ilalim ng Sports City na puro garments; Mactan Apparel, Metro Wear, Vertex One, Feeder Apparel at GMI, na pawang nasa MEPZ. Sila ay gumagawa ng mga nangungunang branded apparel tulad ng Adidas, Nike, Under Armour at iba pa.

Samantalang sa Laguna, tuluyang nagsara ang kumpanyang Arcya Glass at naapektuhan ang 200 manggagawa nito. Ngunit ayon sa unyon, gusto lamang palitan ang mga manggagawang regular ng mga kontraktwal na pawang mas mababa ang sahod at benepisyo. Kaya nanawagan sila na muling buksan ang pabrika at humarap para sa negosasyon sa panibagong CBA.

<u>Pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso</u>

Isang buwan bago maganap ang lockdown, **marahas na dispersal na nauwi sa pag-aresto sa sampung (10) mga welgista at organisador ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP)** noong Pebrero 5, matapos ang mahigit isang buwan na welga ng mga manggagawa ng Cosmic Enterprise, isang pagawaan ng papel. Nag-ugat ang kanilang welga mula nang tanggalin ang 19 na opisyales at miyembro ng unyon ng Cosmic Enterprise Independent Union (CEIU).

Sa panahon naman ng lockdown, dahil sa paghahanap ng ayuda gawa ng lockdown, lumabas sa EDSA ang mga maralita sa San Roque, Quezon City noong Abril 1 para ipakita ang kanilang kahilingan na ayuda, tulad ng pagkain. Ngunit imbes na ibigay ang kanilang munting kahilingan, karahasan ang inihatid ng Quezon City Police matapos hampasin ng yantok at arestuhin ang 21 maralita o ang mas nakilala sa tawag na **#SanRoque21**. Dahil sa kakapusan, walang pampiyansa ang pamilya ng mga naaresto na sinampahan ng gawa-gawang kaso tulad ng illegal assembly, resistance to authority, pagkakalat ng maling impormasyon, hindi pagsunod sa health emergency at impending road access. Dahil dito, maraming personahe at karaniwang tao ang nagtulong-tulong, tulad na lamang ang anak ni Sharon Cuneta at Senator Kiko Pangilinan na si Frankie, Jodi Sta. Maria, Ria Atayde at Enchong Dee, gayundin ang abogado at Ateneo Dean na si Tony La Vina.

Limang araw matapos ang pagkakakulong ng San Roque 21, **inaresto rin ang 19 na manininda sa Elliptical Road sa Quezon**

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 29

**City** pa rin noong Abril 5. Ito ay matapos bumalik sa kanilang pwesto para muling magtinda dahil sa takot na magutom dahil sa panibagong banta para sa ekstensyon ng lockdown.

**Walong (8) organisador din ng manggagawa ang kasalukuyang nakakakulong dahil sa gawa-gawang kaso ang sinasabing biktima ng tanim-ebidensya.** Noong Septyembre 7, bandang alas-kwatro ng hapon inaresto ang **National Vice President ng PISTON at tagapagsalita ng CONDOR-PISTON sa Bicol na si Ramon Rescovilla** sa Daraga, Albay. Nahulihan diumano siya ng Granada at baril, na matagal nang ikinakaso sa mga aktibista. Sinuntok din diumano si Rescovilla sa police station habang iniinteroga. Habang noong Disyembre 4 naman, inaresto si **Jose Bernardino, organisador ng Workers Alliance of Region 3 (WAR 3)** sa Mexico, Pampanga. Nakuhaan din diumano siya ng granada't baril at idinidikit sa kanya na sangkot daw siya sa na naganap na engkwentro ng NPA at AFP sa Nueva Vizcaya noong 2017.

Samantala sa mismong araw ng karapatang pantao inilunsad ng PNP-CIDG ang magkakahiwalay na raid sa mga tinutuluyan ng 6 na organisador ng manggagawa at isang journalist, dakong alas-dos ng madaling araw sa Quezon City, Mandaluyong at Maynila. Kabilang dito sina **Denisse Velasco ng Defend Job Philippines, Mark Ryan Cruz; Romina Astudillo at Jaymie Gregorio, pawang mga organisador ng KMU sa NCR; Joel Demate ng Solidarity of Labor for Rights and Welfare (SOLAR) at Rodrigo Esparago ng Sandigan ng Manggagawa sa Quezon City (SMQC)**. Kabilang din sa inaresto ng mamamahayag na si Lady Ann Salem ng Manila Today. Nakilala ang mga ito bilang **#HRDay7.** Ang raid ay mula sa bisa ng search warrant mula kay Executive Judge Cecille Burgos-Villavert. Nahulihan umano sila ng matataas na kalibre ng baril at granada. Notoryus ang nasabing huwes dahil ito rin ng ang naglabas ng search warrant laban sa Negros 57 at Manila 5, ang malawakang raid sa mga opisina ng mga progresibong organisasyon noong Oktubre 31, 2019.




Sa kabuuan, **26 na lider manggagawa, organisador at karaniwang manggagawang bukid ang kasalukuyang nakakulong sa mga piitan sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas,** mula nang maluklok si Duterte sa poder.

## Red-Tagging At Lantarang Atake Sa Mga Unyon Ng Pwersang Pang-Estado

Wala nang pinipili ang estado kung sino ang kanyang i-reredtag noong taong 2020, sa pangunguna ni Southern Luzon Command Chief Gen. Antonio Parlade. Tila nasa playbook na ng NTF-ELCAC na basta kritiko ka ng rehimeng Duterte, kaaway ka ng estado at kakampi o kasapi ka ng mga komunista at terorista.

Sa Central Luzon, dalawang pari na pawang mga labor rights advocate ang ni-redtag. Sina **Fr. Gerry Jorge sa Mariveles, Bataan** at si **Fr. Rolando "Rollie" De Leon sa Marilao, Bulacan**. Si Fr. Gerry ay isa sa tumulong sa mga manggagawa para sa petisyon na humihiling na Php5,000 ayuda ng DOLE-CAMP dahil kalakhan sa mga manggagawa ng Freeport Area of Bataan ay walang natanggap na ayuda mula nang buksan ang nasabing programa noong Marso at Abril, kasagsagan ng ECQ. Kalaunan dahil sa maraming sumamang manggagawa sa petisyon, pinatawag ng Hepe ng Mariveles PNP si Fr. Gerry. Makalipas ang ilang araw ay nakita sa mga kalye sa Mariveles ang tarpaulin na may larawan ni Fr. Gerry na nag-uugnay sa kanya sa CPP-NPA.

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA
31

Gayundin ang karanasan ni Fr. Rollie kung saan nakitang nakapaskil ang tarpaulin ang kanyang mukha, gayundin ang iba pang lider manggagawa at progresibong organisasyon sa tulad ni Digna Mateo ng ACT-Bulacan, Lester Castillo ng BAYAN-Central Luzon at ilang mga lider-estudyante, sa iba't-ibang lansangan sa Bulacan. Si Fr. Rollie ay isa sa masugid na taga-suporta ng mga manggagawa sa welga ng Nutriasia.




Hindi rin nakaligtas si **Florentino "Pol" Viuya**sa red tagging na ipinost sa facebook page ng Bulacan PNP. Si Viuya ang Chairperson ng Workers Alliance of Region 3 (WAR 3) ang regional center ng KMU sa Central Luzon.

Samantalang nagkalat naman ang poster sa Davao City ang mukha ng **KMU-Southern Mindanao spokesperson PJ Dizon at KMU-SMR Chair na si Carlo Olalo,** kabilang ang iba't-ibang lider ng mga organisasyon, na nag-uugnay sa kanila sa CPP-NPA at sa terorismo.

Samantalang gayundin ang nararanasan ng **mga lider ng BPO Employees Network (BIEN)** na redtagging sa mga social media sa mga kaduda-dudang facebook pages at personal account.

Liban sa may masamang binabalak sa hinaharap, sa pagtingin ng CTUHR ang redtagging ay bahagi ng paninira upang lumayo ang tao sa mga progresibong organisasyon at sa mga lider nito.

Samantalang lantaran naman ang panghihimasok ng AFP at PNP sa pabrika at lugar paggawa para siraan at pakialaman ang aktibidad ng unyon. Tulad na lamang sa ginawa sa **Supreme Steel Corporation** kung saan pinilit makialam ang management at PNP sa union election noong Nobyembre. Ang dapat sanang eleksyon para punuan nabakanteng posisyon ay ginawang eleksyon para palitan ng kasalukuyang liderato dahil sa pakikialam ng management. At sa araw mismo ng eleksyon ay pinahintulutan ng management ng pagpapasok ng PNP sa eleksyon.

Sa **Alcophil Metals sa Valenzuela,** pinapasok ng kumpanya ang militar noong Hulyo 31 para sa umano'y forum laban sa COVID-19, ngunit nagpalabas ng video na nag-uugnay sa CPP-NPA sa mga unyon ng KMU, ayon sa pangulo ng unyon ng Alcophil na si Eliseo Taping. Ang unyon ng manggagawa ng Alcophil ay nasa illalim ng Alliance of Nationalist and Genuine Labor Organization (ANGLO)-KMU. Makalipas ang ilang araw, may bumalik na mga militar sa pabrika para kausapin ang mga manggagawa at pilit na pinapakalas sa KMU ang unyon. Ngunit pinagtanggol ito ng mga mismong manggagawa dahil sa mga nagawa ng KMU na kabutihan sa kanila.

Sa **Adnama Mining Resource Inc. sa Claveria, Surigao Del Norte**, pilit na pinapakalas rin ng militar ang unyon sa KMU at inaaraw-araw ang pagpunta nito sa minahan at sa mismong tahanan ng mga unyonista, na labis na ikinakabahala ng huli.

Pwersahang ipinasurender naman ang **16 na manggagawa ng Coca-Cola sa planta ng Sta. Rosa** sa mismong araw ng kilusang manggagawa noong Mayo Uno para maging bahagi ng kanilang propagandang kontra-insurhensya. Kasabwat ang management ng Coca-Cola at ng mga ahente tulad ni Rey Medellin at Raffy Baylosis, dinala ang 16 sa Regional office ng PNP-CALABARZON para manumpa sa kanilang at ipakita ang kanilang "pagsuko". Makalipas ang mahigit isang buwan ay nanghimasok uli ang militar sa eleksyon ng unyon at pinupuntahan pa sa kanilang bahay-bahay ang mga manggagawa para huwag iboto ang mga progresibong kandidato sa pag-uunyon, ayon sa Defend Coca-Cola Workers.

Matatandaang napapagtagumpayan na ng mga manggagawa ang pagpapaparegular sa mga kontraktwal na manggagawa ng Coke noong 2018 dahil sa matagumpay na welga. At ngayon pilit na binabawi ang mga napagtagumpayan na laban.

**Pamamaslang sa Hanay ng mga Manggagawa**

Dalawa (2) ang naging biktima ng pamamaslang sa hanay ng manggagawa at tagapagtanggol ng karapatan sa paggawa. Ito ay sina Carlito Badion at Jose Jerry Catalogo.

Natagpuang bangkay at naaagnas na ang katawan ni **Carlito Badion, 52**, malapit sa highway ng Ormoc City noong Mayo 28. Nakitaan rin siya ng sugat sa leeg na lumalabas na may tama ng bala. Si Badion ay National Secretary General ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) at nakilala ang kanyang pamumuno sa kanilang "Occupy Pabahay" ng mga maralita sa mga tiwangwang na mga pabahay ng gobyerno noong 2017. Huli siyang nakitang buhay noong Mayo 26 at matagal na ring biktima ng red-tagging ng mga element ng estado.

Sa Negros Occidental, binaril si **Jose Jerry Catalogo** habang nagpapakain sa alagang kalabaw sa Barangay Paitan, Escalante City, sa nasabing probinsiya. Siya ay lider ng isang organisasyon na nasa ilalim ng National Federation of Sugar Workers sa Negros, at ama ng isa sa kasalukuyang nakakulong na "Negros 57".

Si Badion at Catalogo ang ika-49 at 50 biktima ng pamamaslang sa hanay ng manggagawa, maralitang lungsod at manggagawang bukid mula nang maupo si Duterte sa kapangyarihan, ayon sa dokumentasyon ng CTUHR.

## IV. PAGLABAN SA GITNA NG PANDEMYA

Sa kabila ng samu't saring panganib na dala ng pandemya at ng tumitinding pasismo ng gobyerno, nagpatuloy ang pagpupunyagi ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino laban sa kapabayaan.

Sa taong 2020, naging matingkad ang paggamit ng taumbayan sa iba't ibang porma ng protesta. Makailang beses nag-'trending' sa mga 'social media platforms' gaya ng Twitter at Facebook ang **#OustDuterte** at maging ang iba pang mga *hashtags* patungkol sa mga partikular na isyu gaya ng **#MassTestingNow**, **#AyudaHindiBala**, **#StoptheKillings**, **#FreeHRDay7** at **#JunkTerrorLaw**. Dahil sa mga restriksyong ipinataw para iwasan ang paglaganap ng COVID-19, mabilis na pinag-aralan ng mamamayan ang paggamit ng Zoom at iba pang plataporma para sa mga talakayan sa mahahalagang isyung pambansa. Naging instrumento rin ito para sa kauna-unahang 'virtual' na pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Manggagawa habang ang ibang mga grupo ay namahagi ng tulong sa mga apektado ng pandemya sa iba't ibang lugar.

Sa maagang bahagi pa lamang ng lockdown ay nakita na ng mamamayan kung paano ginamit ang mga restriksyon para supilin ang karapatan sa pamamahayag. Pero hindi ito naging sagka upang magpatuloy ang mamamayan sa pagsusulong ng kanilang mga karapatan at panlipunang pagbabago.

Ang mga manggagawa ng Nexperia Philippines sa ilalim ng **Nexperia Phils. Inc. Workers Union (NPIWU-NAFLU-KMU)** ay isa sa mga nakapagtala ng malaking tagumpay sa inilaban nilang CBA na napirmahan noong December 6, 2020. Nakatakda sanang pag-usapan ang CBA noong Marso, ngunit dulot ng pandemya ay nausog hanggang sa dulo ng taon. Susing napagtagumpayan ang nakatakdang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa mula 2021 hanggang 2023 na mataas sa inisyal na offer ng management. Napirmahan rin ang signing bonus, retroactive pay at meal subsidy sa lahat ng empleyado. Dadagdagan rin ang hospital cash assistance sa Health Maintenance Organization (HMO) at paid pandemic leave sa panahon na mayroong mahawaan ng virus. Inaasahang matatanggap ng lahat ng empleyado sa loob ng Collective Bargaining Unit (CBU) ang mga napagtagumpayan imbes na mula lang sa mga qualified na kasapi ng unyon. Kapalit nito ay ang laking ginhawa para sa mga

ANG MAS MAPANGANIB NA VIRUS SA GITNA NG PANDEMYA 35

manggagawa ng Nexperia na aktibong lumaban para sa kanilang karapatan.

Samantala, nagtagumpay rin ang mga manggagawa ng Fuji Electric Phils. sa ilalim ng **Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa ng Fuji Electric Phils. (LNMFEP-OLALIA-KMU)**. Ilan sa mga napagkasunduan ay ang pagpapanatili sa existing na bayad na 170% sa Work on Days of Calamity, kasama ang ECQ at MECQ, paid leave sa mga manggagawa at shuttle service sa ruta, pagtaas ng sahod mula 2021 hanggang 2023, mid-year bonus at industrial bonus na P10,500.

Samantala, noong Nobyermbre 30, kasabay ng paggunita sa ika-157 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Andres Bonifacio isinagawa, matagumpay na naisagawa ang **Global Day of Action for Trade Union and Human Rights**. Sa pangunguna ng mga unyon na bahagi ng Council of Global Unions (CGU), nakapaglunsad ng iba't ibang porma ng aktibidad. Isa na rito ang pinakamalaking protesta sa taong 2020 na inilunsad sa University Avenue, UP Diliman na nilahukan ng mga manggagawa mula sa iba't ibang labor centers at iba pang mga sektor. Mariing ipinahayag dito ang pagkundena sa mga atake sa karapatang paggawa at ang pagtutol sa Anti-Terror Law. Nagkasa rin ng isang online protest ang mga manggagawa kaisa ng mga alyado sa iba-ibang mga bansa.

## V. HAMON AT PERSPEKTIBA

Hindi biro ang patuloy na pananalasa ng pandemya sa kalusugan, kabuhayan at karapatan ng manggagawa't mamamayan. Kahit nagsimula na ang pagbabakuna kontra COVID-19 sa bansa, malayo pa rin sa pagbangon ang lugmok na ekonomiya at nananatili pa rin ang panganib ng nakahahawa at nakamamatay na virus.

Ngunit, higit pa sa virus na COVID-19 ang panganib na dulot ng "new normal" ni Duterte na batbat ng panunupil at kapabayaan. Walang habas nitong niyuyurakan ang karapatang pantao ng mamamayan, habang kaliwa't kanan ang kawalang aksyon sa pangangailangan sa ayuda, kabuhayan at serbisyong pangkalusugan.

Sa ganitong sitwasyon, hamon sa mga manggagawa ang kabigin ang pinakamarami at buuin ang mahigpit na pagkakaisa nito upang isulong ang nakabubuhay na sahod, disenteng trabaho, seguridad at kaligtasan sa paggawa at ayuda sa mga nawalan ng kabuhayan at maliliit na negosyo. Malaking hamon din sa mamamayan ang pagbigo sa mga hakbangin ng mga alipores ni Duterte sa Kongreso at Senado para isulong ang Charter Change na naglalayong tuluyan nang ibukas ang ekonomiya at rekurso ng bansa para sa pagsasamantala ng mga dayuhang korporasyon.

Sa pagtindi ng krisis, inaasahan din ang ibayo pang pagtindi ng panunupil upang pagtakpan ang kapabayaan, katiwalian at kapalpakan ng pamahalaan. Seryoso ito sa kanyang giyera kontra sa mga aktibista at kritiko, lalo pa at nalalapit na ang 2022 kung saan magwawakas na ang termino nito. Desperado itong manatili ang paghahari niya at ng kanyang mga alipores para magpatuloy ang kanilang kapakinabangan sa estado poder. Kailangan din nito ang mga kakampi para makaiwas sa kabi-kabilang kaso sa loob at labas ng bansa, lalo na ang bantang hatol sa International Criminal Court (ICC), pagkatapos ng kanyang termino.

Marapat bigyang diin ang pakikipagkapit-bisig sa ibang mga impluwensyal na sektor gaya ng mga taong simbahan, abogado, guro, mga NGO, artista at personalidad at iba pang tagapagtaguyod ng karapatan ng mga manggagawa para salagin ang papatinding atake sa kabuhayan at karapatan. Kailangang palakasin din ang pag-engganyo sa suporta ng internasyunal na komunidad para sa pagpapanagot sa

rehimeng Duterte sa mga kasalanan nito sa manggagawa at mamamayan.

Dapat paigtingin din ang kampanya para sa pagpapabasura sa mga polisiya at programang ginagamit ngayon ni Duterte para sa tahasang panunupil gaya ng Anti-Terrorism Act of 2020; EO 70 na nagbigay daan sa pagbubuo ng pangunahing ahensyang nagtataguyod ng red-tagging na NTF-ELCAC; at ang Joint Industrial Peace Concerns Office (JIPCO).

Ngayon higit kailanman kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan para biguin ang paghahari bilang isang diktador at ang ibayong paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan.



## SANGGUNIAN

[1]

https://psa.gov.ph/content/employment-situation-april-2020#:~:text=Unemployment%20rate%20rose%20to%2017.7,to%20the%20Philippine%20labor%20market.

[2]

https://psa.gov.ph/content/employment-situation-july-2020

[3]

https://psa.gov.ph/content/employment-situation-october-2020

[4]

https://www.ibon.org/official-unemployment-figures-understate-historic-jobs-crisis/

[5]

https://app.powerbi.com/view?r=eyJrIjoiYWM3MTM4OWY1YjcyMy00NGFmLWEyZjktZWI3ZDNkMzU1OGUyIiwidCI6ImJkMDNhNzM1LTlhYTMtNGNiYS05NzIyLTlhZTQ5MjlhYjNlYyIsImMiOjF9fQ%3D%3D&pageName=ReportSection5de5df1d97a4c68a8cbc

[6] ILO, 2020. (n.d.). *COVID-19 labour market impact in the Philippines Assessment and national policy responses.* International Labor Organization.